

Paunawa tungkol sa Rehistro ng Bakuna para sa mga Pasyente at mga Magulang

Pinipigilan ng bakuna o 'iniksyon' ang mga malulubhang sakit. Ang mga pagsasala sa Tuberkolosis (TB) ay makakatulong upang malaman kung ikaw ay may impeksyon na TB at maaaring kinakailangan sa paaralan o sa trabaho. Mahirap subaybayan ang mga iniksyon/pagsusuri sa TB na iyo nang natanggap. Mas lalong mahirap kung mahigit sa isang doktor ang nagbigay nito sayo. Ngayon, gumagamit ang mga doktor ng ligtas na sistema sa computer na tinatawag na *rehistro ng bakuna* upang masubaybayan ang mga iniksiyon at pagsusuri sa TB. Kung ikaw ay nagpapalit ng doktor, ang iyong bagong doktor ay maaaring gamitin ang rehistro para tingnan ang talaan ng iniksiyon/pagsusuri sa TB. Karapatan mo ang pumili kung nais mong ibahagi ang talaan ng iniksiyon/pagsusuri sa TB sa *Rehistro ng Bakuna ng California*.

Paano Ka Natutulungan ng Rehistro?

- Sinusubaybayan ang lahat ng iniksiyon at pagsusuri sa TB (mga pagsusuri sa balat/ x-ray sa dibdib), para hindi ka makalaktaw ng anumang makakuha ng masyadong marami
- Nagpapadala ng paalala kung ikaw o ang iyong anak ay nangangailangan ng iniksiyon
- Nagbibigay sa iyo ng kopya ng talaan ng iniksiyon/TB galing sa doktor
- Nakakapagbigay ng patunay tungkol sa mga iniksiyon/pagsusuri sa TB na kinakailangan para makapasok sa sentro ng pangangalaga ng bata, paaralan, o sa bagong trabaho

Paano Natutulungan ng Rehistro ang Iyong Koponan ng Pangangalaga sa Kalusugan?

Ang mga doktor, nars, plano sa kalusugan, at ahensya sa pampublikong kalusugan ay gumagamit ng Rehistro upang:

- Makita aling iniksiyon/mga pagsusuri sa TB ang kailangan
- Mapigilan ang sakit sa iyong komunidad
- Ikaw ay paalalahanan tungkol sa mga iniksiyon na kinakailangan
- Matulungan ang pagsubaybay ng talaan

Makikita ba ng mga Paaralan o mga Ibang Programa ang Rehistro?

Oo, pero ito ay limitado. Ang mga paaralan, sentro ng pangangalaga ng bata, at ibang ahensiya na pinahintulutan ng batas ng California ay maaaring:

- Makita aling mga iniksiyon/pagsusuri sa TB ang kailangan ng mga bata sa kanilang programa
- Siguruhin na ang mga bata ay nabigyan ng lahat ng kailangang iniksiyon/pagsusuri sa TB para makapasok sa sentro ng pangangalaga ng bata o paaralan

Anong mga Impormasyon ang Maaaring Ibahagi sa Rehistro?

- pangalan, kasarian at lugar ng kapanganakan ng pasyente
- limitadong impormasyon para makilala ang pasyente
- pangalan ng mga magulang o tagapangalaga
- detalye tungkol sa mga iniksiyon/pagsusuri sa TB ng pasyente

Anumang nakatala sa rehistro ay itinuturing tulad ng ibang pribadong medikal na impormasyon. Ang maling paggamit ng rehistro ay maaaring parusahan ayon sa batas. Sa ilalim ng batas ng California, tanging ang opisina ng iyong doktor, plano sa kalusugan, o kagawaran ng pampublikong kalusugan ang maaaring makakita ang iyong tirahan at numero ng telepono.

Mga Karapatan ng Pasyente at Magulang

Karapatan mo ang humiling:

- na hindi ibahagi ang iyong (o ang sa iyong anak) rehistro ng talaan ng iniksiyon/pagsusuri sa TB sa iba maliban sa iyong doktor*
- na hindi tumanggap ng mga paalala ukol sa tipanan ng pagpapa-iniksiyon galing sa opisina ng iyong doktor
- na tingnan ang kopya ng iyong talaan ng iniksiyon/pagsusuri sa TB o ng iyong anak
- kung sino ang nakakita ng mga talaan o ipapabago sa doktor ang mga mali

Kung gusto mo ang iyo o mga talaan ng iyong anak na ibinahagi sa iba pang mga gumagamit ng CAIR2, wala kang gagawin. Tapos ka na.

Kung HINDI mo nais ang iyo o mga talaan ng iyong anak na ibinahagi sa ibang mga gumagamit ng CAIR, lagyan ng tsek sa iyong provider upang makita kung ipapadala nila ang iyong katayuan sa pagbabahagi sa CAIR sa elektronikong paraan. Kung hindi sila magpapadala, pumunta sa pahina ng CAIR Forms (<http://cairweb.org/cair-forms/>) at kumpletuhin ang Kahilingan upang I-lock ang Aking CAIR Record. Ang mga naka-lock na tala sa CAIR ay maaari ring i-unlock sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Kahilingan upang I-unlock ang Aking CAIR Record. Mga naka-print na form sa fax sa pamamagitan ng email sa 1-888-436-8320, CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov.

Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa Tagapagbigay-tulong ng CAIR sa 800-578-7889 o CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov.

* Ayon sa batas, ang mga opisyal ng pampublikong kalusugan ay maaaring tumingin sa rehistro sa panahon ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan.